# Impluwensya ng "Millenial Words" at Kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyong Filipino ng mga Mag-aaral ng Biñan Integrated National High School

Flordelyn V. Garcia

flordelyn.garcia003@deped.gov.ph
*Public School Teacher at Bińan Integrated National High School,4024 Philippines*

**Abstract**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong tuklasin ang Impluwensya ng 'Millennial Words' at Kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyon ng mga mag-aaral ng Biñan Integrated National High School. Kung saan tiyakang sasagutin ng pag-aaral ang mga sumusunod na katanungan: 1. Ano ang propayl ng tagasagot batay sa:1.1 Gulang ;1.2 Kasarian ; at 1.3 Natapos ng magulang ?, 2. Ano ang impluwensya ng "Millennial Words" sa : 2.1 Pagbasa; 2.2 Pagsulat; 2.3 Pakikinig; 2.4 Pagsasalita at 2.5 Panonood?, 3. Ano ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon batay sa marka?, 4. May makabuluhang kaugnayan ba ang propayl ng tagasagot sa kasanayan sa pagsulat ng komposisyong Filipino ng mga mag-aaral? at 5. May makabuluhang kaugnayan ba ang impluwensya ng millennial words sa kasanayan sa pagsulat ng komposisyong Filipino ng mga mag-aaral?

Ang ginamit na disenyo ng pananaliksik na ito ay deskriptibong pamamaraan. Ang instrumentong ginamit ng mananaliksik sa pangangalap ng datos ay isang talatanungan na binubuo ng tatlong bahagi.Sa propayl ng tagasagot, ginamit ang "frequency and percentage" hinggil sa gulang, kasarian, at natapos ng magulang ng mga tagatugon. Ginamit naman ang "Mean at Standard Deviation" sa impluwensya ng millennial words sa makrong kasanayan sa pagbasa, pagsulat, pakikinig, pagsasalita at panonood. Gayundin, ginamit ang "Mean at Standard Deviation" sa kasanayan sa pagbuo ng Komposisyong Filipino ng mga mag-aaral. Upang matukoy ang kaugnayan ng propayl ng tagasagot sa kasanayan sa pagsulat ng komposisyong Filipino at kaugnayan ng millennial words sa kasanayan sa pagsulat ng komposisyong Filipino ng mga mag-aaral, ginamit ang istatistikang Regression Analisis.

Batay sa resulta, ang mga mag-aaral na may pinakamaraming tagasagot ay nagmula sa gulang na labinlima hanggang labimpito na may bahagdan na walumpu't lima. Nangangahulugan lamang na maraming nagsasalita o gumagamit ng millennial words ang nasa gulang labinlima hanggang labimpito.

Batay sa datos, lumalabas na may katamtamang impluwensya ang millennial words sa makrong kasanayan sa pagbasa, pagsulat, pakikinig, pagsasalita at panonood.

Mas marami pa rin ang nangangailangan ng kasanayan sa pagsulat ng komposisyon kung saan may labinlimang tagasagot na may tatlumpu't pito at limampung bahagdan ang nangangailangan ng kasanayan sa pagsulat ng komposisyong Filipino kumpara sa lima lamang na may napakahusay na mayroon lamang labindalawa at limampung bahagdan. Implikasyon lamang ito na marahil ay napapabayaan o nalilimutan na ng mga mag-aaral ang wastong pagsulat ng komposisyon dala na rin ng mga makabagong teknolohiya at libangan sa kasalukuyan na posibleng dahilan sa kawalan ng interes o kasanayan sa pagsulat. Isa pang dahilan ay sapagkat mas nahuhumaling ang mga kabataan sa pagtuklas at paggamit ng mga salitang kakaiba katulad na lamang ng mga millennial words na palasak nang ginagamit ng mga tao sa kasalukuyang panahon.

Sa pag-aaral na ito naipakita na walang makabuluhang kaugnayan ang Propayl ng Tagasagot sa Kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyong Filipino. Marahil hindi nakaimpluwensya ang Gulang, Kasarian at

Natapos ng Magulang sa kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyong Filipino ng mga mag -aaral ng Biñan Integrated National High School.

.Gayundin, kapwa walang makabuluhang kaugnayan ang Impluwensya ng Millennial Words sa Kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyong Filipino ng mga mag-aaral. Pareho mang gumagamit ng wikang Filipino ngunit magkaiba ng estruktura sa wastong paggamit ng wika. Sa paggamit ng millennial words ay maaaring nahaluan ng mga balbal na salita samantala sa pagsulat ng komposisyon ay nangangailangan ng mas pormal at organisadong gamit ng wika. Kung kaya, ang hinuha sa pananaliksik na ito ay tinanggap o (accepted).

Iminumungkahi na magkaroon ng epektibong estratehiya ng pampagtuturo na makapagpapataas sa kakayahan ng mga mag-aaral kaugnay ng tamang paggamit ng millenial words lalo't higit sa makrong kasanayan at sa pagsulat ng wastong komposisyon.

*Keywords: Impluwensya ng Millenial Words; Kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyon*

---

## 1. Main text

### Introduction

Sa pag-usad ng panahon, may bahagyang pagbabago sa paggamit ng wikang Filipino at tila hirap ang ilan na makisabay dito.

Batay kay Cariño, 2017 mula sa kanyang panayam, sinabi ni Gail Gines na nahihirapan siyang intindihin ang ilang pagbabago sa paggamit ng wika. Halimbawa na lamang ay salitang "ganern" na ginagamit sa halip na "ganun" o " ganoon".

Kaugnay nito na sinabi naman ni Almario, V.,isang national Artist for Literature, nahirapan din siya noong una sa text language ng millennials, kinakailangang unawain ang mga bagong gamit ng salita para mas mapabilis ang pagsagot sa mga text message ng millennials, tulad ng mga abbreviation na "BTW" o "by the way" at "OTW" o "on the way." Bilang punong tagasuri ng wikang Filipino, wala siyang nakikitang masama sa pagbabago sa wika, baka lalong hindi maintindihan ang mga susunod na henerasyon kung mananatiling makaluma ang paggamit sa wika. Batay pa rin sa kaniya, araw-araw na nagbabago ang buhay na wika at ang pagbabago ay isang katotohanang kailangang tanggapin,ang mahalaga ay nauunawaan ito ng bawat isa.

Sa henerasyon ngayon, halos lahat ng kabataan ay nakasunod na sa uso at isa na nga rito ay ang paglaganap ng 'millenial words' na malimit ginagamit ng mga kabataan o ng mga 'millenials' sa pasulat o pasalita man na pagpapahayag. ( Molate at Latiza 2017) Sa estado ng lipunan ngayon ay mahahalata ang napakabilis na pagbabago at pag-unlad. Malaking impluwensya ang pamayanan sa paghubog sa katauhan ng isang indibidwal dahil sa isang pamayanan unang natututo ang bata sa pakikipag-ugnayan sa iba. Ngunit kasabay ng pagbabago sa lipunan ay naaapektuhan din ang Wikang Filipino tulad ng paggamit ng maling gramatika at hindi angkop na paggamit ng wika kahit sa mga pormal na pagpupulong dahil hindi maiiwasan na napaiikli ang mga salita.(Manibo ,Patricia 2016).

Kung kaya't pangunahing layunin ng mananaliksik na matukoy ang impluwensya ng "millennial words" at ang kasanayan sa pagsulat ng komposisyong Filipino ng mga mag-aaral ng Biñan Integrated National High School Senior High.

### Theoretical Framework

Batay sa Mannheim's Theory of Generation, ang mga kabataan o 'millennials' sa makabagong henerasyon ay madaling makasunod sa mga pagbabagong nagaganap sa lipunang kanyang ginagalawan kung saan ang teoryang ito'y nakatuon sa impluwensya ng kasaysayan. Samantala binanggit sa teoryang Strauss-Howe ang impluwensya ng mga nagdaang henerasyon. Ngunit kung pagsasamahin ang dalawang teorya ay

kakikitaan ito ng sanhi at bunga para sa mga kabataan o millennials.Dahil na rin sa teknolohiya kaya nagkakaroon ng mabilisang pagbabago at ang isang resulta nito ay ang mga millennials.

Mula naman sa Teoryang Heterogenous, ang wika'y nagbubunsod sa pagkakaroon ng varayti ng wika. May tinatawag halimbawa na Tagalog-Filipino, Ilokano-Filipino, Bicol-Filipino, Naga-Bicol, Legaspi-Bicol, Ilocos Sur-Ilokano,Ilocos Norte-Ilokano, Filipino –English,Singapore – English, at marami pang iba. Tinatawag itong linggwistikong varayti ng wika. Mayroon ding Filipino ng mga bakla,Filipino ng mga sugarol, Filipino ng mga kolehiyala, Filipino ng matematika,Filipino ng kemistri at iba pa. Tinatawag naman ang mga ito na mga register o sosyal at akademikong varayti.

Ayon naman sa teoryang cognitivism, ang pag-iisip ay nabubuo sa utak ng tao. Naniniwala sila na ang wika at ang pagsusulat ay nabubuo sa pamamagitan ng pagpoproseso ng ating utak at walang kaugnayan doon ang kaalaman ng tao sa wika. Kaya naman ayon kay Andrea Lunsford, kung ang isang manunulat ay mayroong layunin, ang kanyang pagdedesisyon ay nabubuo sa utak habang siya ay nagsusulat. Kung kaya't ang pinakamabisang paraan ng pagtuturo ng pagsulat ng komposisyon ay sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga workshop o pagsasanay at pagtatalakayan at hindi ang simpleng pagtuturo lamang.

**Statement of the Problem**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong tuklasin ang Impluwensya ng 'Millennial Words' at Kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyong Filipino ng mga mag-aaral ng Biñan Integrated National High School.

Tiyakang sasagutin ng pag-aaral ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang propayl ng mga tagasagot batay sa:
    - 1.1 Gulang ;
    - 1.2 Kasarian at ;
    - 1.3 Natapos ng magulang?
2. Ano ang impluwensya ng 'Millennial words'sa makrong kasanayan:
    - 2.1Pagbasa ;
    - 2.2 Pagsulat ;
    - 2.3 Pakikinig ;
    - 2.4 Pagsasalitaat
    - 2.5 Panonood?
3. Ano ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng komposisyong Filipino ng mga mag-aaral batay sa marka?
4. May makabuluhang kaugnayan ba ang propayl ng tagasagot sa kasanayan sa pagsulat ng komposisyong Filipino ng mga mag-aaral?
5. May makabuluhang kaugnayan ba ang impluwensya ng millennial words sa kasanayan sa pagsulat ng komposisyong Filipino ng mga mag-aaral?

**Research Methodology**

Ang ginamit na disenyo ng pananaliksik na ito ay deskriptibong pamamaraan. Ang instrumentong ginamit ng mananaliksik sa pangangalap ng datos ay isang talatanungan na binubuo ng tatlong bahagi.

Sa propayl ng tagasagot, ginamit ang "frequency and percentage" hinggil sa gulang, kasarian, at natapos ng magulang ng mga tagatugon. Ginamit naman ang "Mean at Standard Deviation" sa impluwensya ng millennial words sa makrong kasanayan sa pagbasa, pagsulat, pakikinig, pagsasalita at panonood. Gayundin, ginamit ang "Mean at Standard Deviation" sa kasanayan sa pagbuo ng Komposisyong Filipino ng mga mag-aaral. Upang matukoy ang kaugnayan ng propayl ng tagasagot sa kasanayan sa pagsulat ng komposisyong Filipino at kaugnayan ng millennial words sa kasanayan sa pagsulat ng komposisyong Filipino ng mga mag-aaral, ginamit ang istatistikang Regression Analisis.

**Results and Discussion**

**Talahanayan 1**. *Propayl ng Tagasagot batay sa Gulang*

| GULANG | LALAKI | | BABAE | |
|---|---|---|---|---|
| | f | % | f | % |
| 15-17 | 11 | 85 | 23 | 85 |
| 18-20 | 2 | 15 | 4 | 15 |
| 21-23 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| 24-26 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| 27 PATAAS | 0 | 0 | 0 | 0 |
| Kabuuan | **13** | **100** | **27** | **100** |

Makikita ang mga mag-aaral na may pinakamaraming tagasagot ay nagmula sa gulang na labinlima hanggang labimpito (15-17) na may bahagdan na walumpu't lima (85%). Nangangahulugan lamang na maraming nagsasalita o gumagamit ng millennial words ang nasa gulang labinlima hanggang labimpito (15-17). Sinundan naman ito ng grupo ng mga tagatugon na nagmula sa gulang na labingwalo hanggang dalawampu (18-20) na may labinlimang bahagdan (15%) na pumapangalawa lamang sa gulang na gumagamit ng millennial words at walang tagatugon o walang nagsasalita ng millennial words ang nasa gulang dalawampu't isa (21) hanggang dalawampu't tatlo (23), dalawampu't apat (24) hanggang dalawampu't anim (26) at dalawampu't pito (27) pataas.

**Talahanayan 2.** *Propayl ng Tagasagot batay sa Kasarian*

| KASARIAN | F | BAHAGDAN |
|---|---|---|
| Lalaki | 13 | 32.50 |
| Babae | 27 | 67.50 |
| Kabuuan | **40** | **100.00** |

Ang mga mag-aaral ay binubuo ng apatnapu (40) na may katumbas na isandaang porsyento (100%). Makikita na mas mataas ang porsyento ng mga babae na may animnapu't pito at limampung bahagdan (67.50%), nangangahulugang mas maraming babae ang gumagamit ng millennial words kaysa sa mga lalaki na may labintatlo (13) o tatlumpu't dalawa at limampung porsyento (32.50%) tumugon sa mga katanungan ang gumagamit ng millennial words..

**Talahanayan 3.** *Propayl ng Tagasagot batay sa Natapos ng Magulang*

| NATAPOS NG MAGULANG | NANAY | | TATAY | |
|---|---|---|---|---|
| | f | % | f | % |
| College | 2 | 5 | 4 | 10 |
| College Undergraduate | 10 | 25 | 7 | 18 |
| HighSchool | 16 | 40 | 19 | 48 |
| HighSchool Undergraduate | 9 | 23 | 6 | 15 |
| Elementary | 2 | 5 | 4 | 10 |
| Elementary Undergraduate | 1 | 3 | 0 | 0 |
| Hindi Nakapag-aral | 0 | 0 | 0 | 0 |
| Kabuuan | **40** | **100.00** | **40** | **100.00** |

Pinakamarami ang magulang na nakatapos ng High School kung saan may labing-anim (16) na nanay at labinsiyam (19) na tatay katumbas ng apatnapung porsyento (40%) sa nanay at apatnapung walong porsyento (48%) sa tatay. Sinundan ng College Under Graduate na may bilang na sampu (10 ) sa nanay o dalawampu't limang porsyento (25%) at pito ( 7 ) sa tatay o labingwalong porsyento (18%). Samantala, may iisang napatala sa nanay na Elementary Under Graduate na may tatlong porsyento (3%). Nangangahulugan lamang na mas maraming magulang ang nakauunawa at nakagagamit ng millennial words sa kasalukuyan.

**Talahanayan 4.** *Impluwensya ng Millenial Words sa Makrong Kasanayan sa Pagbasa*

| INDIKEYTORS | MEAN | SD | Palarawang Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Nababatid kung ano ang salita ng millennials. | 4.23 | 0.660 | May Katamtamang Impluwensya |
| 2. Nababasa nang maayos ang mga makabagong salita na ginagamit ng millennials. | 3.53 | 0.905 | May Katamtamang Impluwensya |
| 3. Nauunawaan ang kahulugan ng salitang millennials mula sa binasang teksto. | 3.85 | 0.662 | May Katamtamang Impluwensya |
| 4. Nahihirapang unawain ang ilang salita na ginagamit ng millennials. | 3.28 | 0.933 | May Katamtamang Impluwensya |
| 5. Nakatutuwang basahin ang makabagong salita ng millennnials. | 3.73 | 0.751 | May Katamtamang Impluwensya |
| 6. Nagiging ehersisyo sa isip ang pagbasa. | 4.23 | 0.862 | May Katamtamang Impluwensya |
| 7. Nagiging pundasyon ng akademikong pagtatagumpay at paghubog ang pagbasa. | 4.18 | 0.958 | May Katamtamang Impluwensya |
| 8. Nababa ang kalinangan sa pagbasa gawa ng mass media at iba pang makabagong teknolohiya. | 3.63 | 0.952 | May Katamtamang Impluwensya |
| 9. Nagkakaroon ng pagkakataon at nagiging aktibo sa gawain sa komunidad ang magagaling magbasa. | 3.85 | 0.921 | May Katamtamang Impluwensya |
| 10. Nakapagpapaunlad sa magandang gawi ang pagbabasa. | 4.15 | 0.949 | May Katamtamang Impluwensya |
| Kabuuan | **3.86** | **0.909** | **May Katamtamang Impluwensya** |

Mula sa datos, nakakuha ng kabuuang mean na 3.63 na nangangahulugang may katamtamang impluwensya ang Millenial Words sa makrong kasanayan sa pagsulat. Batay dito, nagagamit ang millennial words sa pagsulat ng komposisyon na may mean na 3.55. May katamtamang impluwensya rin na nagagamit ang makabagong salita sa pagsulat ng impormal na sulatin na may mean na 3.50. Mula sa 3.60 na mean ay may katamtamang impluwensya na nagagamit ang salitang millennials sa pagsulat

**Talahanayan 5.** *Impluwensya ng Millenial Words sa Makrong Kasanayan batay sa Pagsulat*

| INDIKEYTORS | MEAN | SD | Palarawang Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Nagagamit ang millennial words sa pagsulat ng komposisyon. | 3.55 | 0.932 | May Katamtamang Impluwensya |
| 2. Nagagamit ang makabagong salita sa pagsulat ng impormal na sulatin. | 3.50 | 0.987 | May Katamtamang Impluwensya |
| 3.Nagagamit ang salitang millennials sa pagsulat sa mga elektronikong kagamitan tulad ng cellphone at kompyuter. | 3.60 | 0.744 | May Katamtamang Impluwensya |
| 4.Nakadepende sa sulating paksa ang paggamit ng | 3.85 | 0.834 | May Katamtamang Impluwensya |

| | | | |
|---|---|---|---|
| makabagong salita. | | | |
| 5.Nalilinang ang kahusayan sa pagbuo ng pangungusap gamit ang mga tuntunin sa pagsulat. | 4.10 | 0.900 | May Katamtamang Impluwensya |
| 6.Nakapagpapabago sa konseptong nakababagot ang pagsulat. | 3.70 | 0.823 | May Katamtamang Impluwensya |
| 7.Nakahuhubog ng iba pang kasanayan gaya ng lohikal na pag-iisip ang pagsulat. | 4.13 | 0.853 | May Katamtamang Impluwensya |
| 8. Nagiging malaya ang paggamit at pagbuo ng panibagong salita dahil walang istandard na bersyon ang wikang Filipino. | 3.28 | 0.905 | May Gaanong Impluwensya |
| 9. Naituturing na ekstensyon ng wika ang pagsulat. | 4.15 | 0.700 | May Katamtamang Impluwensya |
| 10. Nagkakaroon ng ilang sagabal sa pagsulat dahil ang kahusayan sa wika ay mahirap ituro at matutunan. | 2.95 | 0.959 | May Gaanong Impluwensya |
| Kabuuan | **3.63** | **0.935** | **May Katamtamang Impluwensya** |

Makikita mula sa nakuhang mean na 3.20, na walang gaanong impluwensya na nakaaaliw pakinggan ang makabagong salita tulad ng petmalu, lodi,werpa atbp. Gayundin sa nauunawaan ng lahat ang napakinggang makabagong salita na may mean na 3.15 at nadaragdagan ang kaalaman sa pakikinig na may mean na 2.88. Samantala, kapwa may katamtamang impluwensya ang kinalabasan na iniisip pa minsan ang tunay na kahulugan ng millennial words sa napakinggang pahayag (3.90), Nakawawala ng pormalidad na gamit ng wika ang millennial words sa tuwing ito'y napakikinggan na may mean na 3.95, 3.35 naman na mean na nagsasabing nakagugulo lamang sa pag-intindi ang napakinggang maka-bagong salita. Sinundan ito ng mean na 3.95 na nagsasabing nakatutulong sa pag-aaral, gawain at pamumuhay sa pang-araw-araw ang pakikinig.

**Talahanayan 6.** *Impluwensya ng Millenial Words sa Makrong Kasanayan batay sa Pakikinig*

| INDIKEYTORS | MEAN | SD | Palarawang Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Nakaaaliw pakinggan ang makabagong salita tulad ng petmalu, lodi, werpa atbp. | 3.20 | 1.265 | May Gaanong Impluwensya |
| 2.Iniisip pa minsan ang tunay na kahulugan ng millennial words sa napakinggang pahayag. | 3.90 | 0.709 | May Katamtamang Impluwensya |
| 3.Nauunawaan ng lahat ang napakinggang makabagong salita. | 3.15 | 0.921 | May Gaanong Impluwensya |
| 4.Nakawawala ng pormalidad na gamit ng wika ang millennial words sa tuwing ito'y napakikinggan. | 3.95 | 0.904 | May Katamtamang Impluwensya |
| 5.Nakagugulo lamang sa pag-intindi ang napakinggang makabagong salita. | 3.75 | 0.776 | May Katamtamang Impluwensya |
| 6.Nadaragdagan ang kaalaman sa pakikinig. | 2.88 | 0.853 | May Gaanong Impluwensya |
| 7.Nakatutulong sa pag-aaral, gawain at pamumuhay sa araw-araw ang pakikinig. | 3.95 | 1.085 | May Katamtamang Impluwensya |
| 8.Nagiging daan ito upang maunawaan ang damdamin at kaisipan ng isang tao. | 4.23 | 0.832 | May Katamtamang Impluwensya |
| 9.Nagiging aktibong paraan ng pagtanggap at pagbuo ng mensahe mula sa pinanggalingang tunog | 3.93 | 0.859 | May Katamtamang Impluwensya |

| | | | |
|---|---|---|---|
| ang pakikinig. | | | |
| 10.Nakakokonsumo ng pinakamalaking porsyento para sa mga mag-aaral ang pakikinig kaysa sa ibang makrong kasanayan. | 3.78 | 0.947 | May Katamtamang Impluwensya |
| Kabuuan | **3.77** | **0.972** | **May Katamtamang Impluwensya** |

Ipinakikita lamang ng resulta mula sa mga tagatugon ng Biñan Integrated National High School mula sa mean na 3.77 na may katamtamang impluwensya ang Millenial Words sa Makrong Kasanayan sa Pakikinig..

**Talahanayan 7.** *Impluwensya ng Millenial Words sa Makrong Kasanayan batay sa Pagsasalita*

| INDIKEYTORS | MEAN | SD | Palarawang Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1.Nagagamit ng lahat ang millennial words sa pagsasalita. | 3.28 | 0.960 | May Gaanong Impluwensya |
| 2.Nagiging bahagi na ng pang-araw-araw na pagsasalita ang makabagong salita. | 3.78 | 0.862 | May Katamtamang Impluwensya |
| 3.Nakasasabay sa kausap kapag nagsimula nang magsalita nito. | 3.70 | 0.823 | May Katamtamang Impluwensya |
| 4.Nagagagaya agad ang binanggit na millennial words sa nagsalitang tao o personalidad. | 3.93 | 0.764 | May Katamtamang Impluwensya |
| 5.Nadidiretso ang paggamit ng millennial words sa pakikipag-usap. | 3.58 | 0.903 | May Katamtamang Impluwensya |
| 6.Nagagamit sa pagbabahagi ng ideya o saloobin. | 3.73 | 0.933 | May Katamtamang Impluwensya |
| 7.Naituturing na pinakamabilis na pakikipagkomunikasyon ang pagsasalita. | 4.05 | 1.108 | May Katamtamang Impluwensya |
| 8 Naiaayon ang pagsasalita sa uri ng iyong kausap. | 4.23 | 0.768 | May Katamtamang Impluwensya |
| 9. Nagiging bahagi ng pagkakaunawaan ang pagsasalita sa kapwa gamit ang makabagong salita | 3.80 | 0.966 | May Katamtamang Impluwensya |
| 10.Napahahalagahan sa kasalukuyan ang paggamit ng millennial words sa mga mag-aaral . | 3.43 | 0.984 | May Gaanong Impluwensya |
| Kabuuan | **3.75** | **0.941** | **May Katamtamang Impluwensya** |

Ipinakikita na may katamtamang impluwensya ang millennial words sa makrong kasanayan sa pagsasalita mula sa nakuhang kabuuang mean na 3.75.

**Talahanayan 8.** *Impluwensya ng Millenial Words sa Makrong Kasanayan batay sa Panonood*

| INDIKEYTORS | MEAN | SD | Palarawang Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1.Nakuha sa mga palabas sa telebisyon ang paggamit ng salitang millennials. | 4.05 | 0.932 | May Katamtamang Impluwensya |
| 2.Nakaiimpluwensya ng malaki ang panoorin sa pagpapalaganap ng millennial words. | 3.95 | 0.876 | May Katamtamang Impluwensya |
| 3. Nagiging malimit sa panonood upang makakuha ng mas makabagong salita. | 3.53 | 0.679 | May Katamtamang Impluwensya |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 4.Nakatutulong ang mga panoorin sa pagpalawig ng millennial words. | 3.73 | 0.784 | May Katamtamang Impluwensya |
| 5.Nakatutulong ang salitang millennials sa pagpapaunlad ng wika. | 3.13 | 0.883 | May Gaanong Impluwensya |
| 6.Nagiging pinakamabilis at mabisang paraan ng pagkatuto ang panonood. | 3.88 | 0.791 | May Katamtamang Impluwensya |
| 7.Naituturing na pinakamadaling kasanayan na gamitin sa larangan ng komunikasyong-sosyal na maaaring ilapat sa anumang larangan. | 3.68 | 0.764 | May Katamtamang Impluwensya |
| 8.Naituturing na isa sa mga top stress relievers ng Pilipino ay ang panonood. | 4.18 | 0.712 | May Katamtamang Impluwensya |
| 9.Nakadedebelop ang panonood sa isang bagong karunungan- ang biswal na kaalaman. | 4.10 | 0.810 | May Katamtamang Impluwensya |
| 10. Nabibigyang – interpretasyon ang mga nakikita sa iba't ibang uri ng palabas, napauunlad ang kakayahang makapag-interpreta sa pamamagitan ng masusuing obserbasyon. | 4.33 | 0.656 | May Katamtamang Impluwensya |
| Kabuuan | **3.85** | **0.853** | **May Katamtamang Impluwensya** |

Ipinakikita sa kabuuan ng datos na may katamtamang impluwensya ang millennial words sa makrong kasanayan sa panonood mula sa kabuuang mean nito na 3.85.

**Talahanayan 9.** *Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyon batay sa Marka*

| KASANAYAN SA PAGSULAT NG KOMPOSISYONG FILIPINO BATAY SA MARKA | F | % | Berbal Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 94-100 | 5 | 12.50 | Napakahusay |
| 87-93 | 10 | 25 | Mahusay |
| 80-86 | 10 | 25 | Katamtamang Husay |
| 79 pababa | 15 | 37.50 | Nangangailangan ng Kasanayan |
| Kabuuan | **3.86** | **0.909** | **Katamtamang Husay** |

.

Makikitang mas marami pa rin ang nangangailangan ng kasanayan sa pagsulat ng komposisyon kung saan may labinlimang (15) tagasagot na may tatlumpu't pito at limampung bahagdan (37.50%) ang nangangailangan ng kasanayan sa pagsulat ng komposisyong Filipino kumpara sa lima (5) lamang na may napakahusay na mayroon lamang labindalawa at limampung bahagdan o 12.50%. Implikasyon lamang ito na marahil ay napapabayaan o nalilimutan na ng mga mag-aaral ang wastong pagsulat ng komposisyon dala na rin ng mga makabagong teknolohiya at libangan sa kasalukuyan na posibleng dahilan sa kawalan ng interes o kasanayan sa pagsulat. Isa pang dahilan ay sapagkat mas nahuhumaling ang mga kabataan sa pagtuklas at paggamit ng mga salitang kakaiba katulad na lamang ng mga millennial words na palasak nang ginagamit ng mga tao sa kasalukuyang panahon.

**Talahanayan 10.** *Regression Analysis ng Propayl ng Tagasagot sa Kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyong Filipino ng mga Mag-aaral*

| VARIABLE | COEFFICIENT | T-VALUE | P-VALUE | Verbal Interpretation |
|---|---|---|---|---|
| Gulang | 0.147058824 | 0.30770828 | 0.759984596 | Walang Makabuluhang Kaugnayan |
| Kasarian | -0.413105413 | -1.152024075 | 0.256507608 | Walang Makabuluhang Kaugnayan |
| Natapos ng Nanay | -0.017084282 | -0.104764544 | 0.917113681 | Walang Makabuluhang Kaugnayan |
| Natapos ng Tatay | 0.241801001 | 1.54714526 | 0.130116998 | Walang Makabuluhang Kaugnayan |

Ipinakikita sa nakalap na datos, mula sa Propayl ng Tagasagot gaya ng Gulang, Kasarian, Kalagayan sa buhay, Natapos ng Nanay at Natapos ng Tatay ay may coefficient na 0.147058824, -0.413105413, 0.371428571, -0.017084282, 0.241801001 at may t –value na 0.30770828, -1.152024075, 0.723870327, -0.104764544, 1.54714526 ay kapwa walang makabuluhang kaugnayan ang Propayl ng Tagasagot sa Kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyong Filipino. Marahil hindi nakaimpluwensya ang Gulang, Kasarian at Natapos ng Magulang sa kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyong Filipino ng mga mag -aaral ng Biñan Integrated National High School.

**Talahanayan 11.** *Regression Analysis ng Impluwensya ng Millenial Words sa Kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyong Filipino ng mga Mag-aaral*

| VARIABLE | COEFFICIENT | T-VALUE | P-VALUE | Verbal Interpretation |
|---|---|---|---|---|
| Pagbasa | 0.600951146 | 1.698876084 | 0.097516965 | Walang Makabuluhang Kaugnayan |
| Pagsulat | 0.288704439 | 0.898861753 | 0.37438693 | Walang Makabuluhang Kaugnayan |
| Pakikinig | 0.170909948 | 0.461962136 | 0.646742479 | Walang Makabuluhang Kaugnayan |
| Pagsasalita | 0.03925553 | 0.146431877 | 0.884354554 | Walang Makabuluhang Kaugnayan |
| Panonood | 0.340562123 | 0.987875733 | 0.329462269 | Walang Makabuluhang Kaugnayan |

Batay sa datos, ipinakikita na mula sa pagbasa, pagsulat, pakikinig, pagsasalita at panonood ay may coefficient na 0.600951146, 0.288704439, 0.170909948, 0.03925553 at 0.340562123 at may t-value na 1.698876084, 0.898861753, 0.461962136, 0.146431877, 0.987875733 ay kapwa walang makabuluhang kaugnayan ang Impluwensya ng Millennial Words sa Kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyong Filipino ng mga mag-aaral. Pareho mang gumagamit ng wikang Filipino ngunit magkaiba ng estruktura sa wastong paggamit ng wika. Sa paggamit ng millennial words ay maaaring mahaluan ng mga balbal na salita samantala sa pagsulat ng komposisyon ay nangangailangan ng mas pormal at organisadong gamit ng wika.

## Summary of Findings

Batay sa datos , kapwa may katamtamang impluwensya ang millennial words sa makrong kasanayan sa pagbasa na may kabuuang mean na 3.86, makrong kasanayan batay sa pagsulat mula sa nakuhang mean na 3.63, makrong kasanayan sa pakikinig na may mean na 3.77, makrong kasanayan sa pagsasalita mula sa nakuhang kabuuang mean na 3.75, makrong kasanayan sa panonood mula sa kabuuang mean nito na 3.85.

Mas marami pa rin ang nangangailangan ng kasanayan sa pagsulat ng komposisyon kung saan may labinlimang (15) tagasagot na may tatlumpu't pito at limampung bahagdan (37.50%) ang nangangailangan ng kasanayan sa pagsulat ng komposisyong Filipino kumpara sa lima (5) lamang na may napakahusay na mayroon lamang labindalawa at limampung bahagdan o 12.50%. Implikasyon lamang ito na marahil ay napapabayaan o nalilimutan na ng mga mag-aaral ang wastong pagsulat ng komposisyon dala na rin ng mga makabagong teknolohiya at libangan sa kasalukuyan na posibleng dahilan sa kawalan ng interes o kasanayan sa pagsulat. Isa pang dahilan ay sapagkat mas nahuhumaling ang mga kabataan sa pagtuklas at paggamit ng mga salitang kakaiba katulad na lamang ng mga millennial words na palasak nang ginagamit ng mga tao sa kasalukuyang panahon.

Ipinakikita sa nakalap na datos, mula sa Propayl ng Tagasagot gaya ng Gulang, Kasarian, Natapos ng Nanay at Natapos ng Tatay ay may coefficient na 0.147058824, -0.413105413, -0.017084282, 0.241801001 at may t –value na 0.30770828, -1.152024075, , -0.104764544, 1.54714526 ay kapwa walang makabuluhang kaugnayan ang Propayl ng Tagasagot sa Kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyong Filipino. Marahil hindi nakaimpluwensya ang Gulang, Kasarian at Natapos ng Magulang sa kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyong Filipino ng mga mag-aaral ng Biñan Integrated National High School.

Batay sa datos, ipinakikita na mula sa pagbasa, pagsulat, pakikinig, pagsasalita at panonood ay may coefficient na 0.600951146, 0.288704439, 0.170909948, 0.03925553 at 0.340562123 at may t-value na 1.698876084, 0.898861753, 0.461962136, 0.146431877, 0.987875733 ay kapwa walang makabuluhang kaugnayan ang Impluwensya ng Millennial Words sa Kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyong Filipino ng mga mag-aaral. Pareho mang gumagamit ng wikang Filipino ngunit magkaiba ng estruktura sa wastong paggamit ng wika. Sa paggamit ng millennial words ay maaaring mahaluan ng mga balbal na salita samantala sa pagsulat ng komposisyon ay nangangailangan ng mas pormal at organisadong gamit ng wika.

## Conclusion

1. Sa pag-aaral na ito naipakita na walang makabuluhang kaugnayan ang Propayl ng Tagasagot sa Kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyong Filipino. Marahil hindi nakaimpluwensya ang Gulang, Kasarian at Natapos ng Magulang sa kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyong Filipino ng mga mag -aaral ng Biñan Integrated National High School.

2.Gayundin, kapwa walang makabuluhang kaugnayan ang Impluwensya ng Millennial Words sa Kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyong Filipino ng mga mag-aaral. Pareho mang gumagamit ng wikang Filipino ngunit magkaiba ng estruktura sa wastong paggamit ng wika. Sa paggamit ng millennial words ay maaaring nahaluan ng mga balbal na salita samantala sa pagsulat ng komposisyon ay nangangailangan ng mas pormal at organisadong gamit ng wika.

Kung kaya, ang hinuha sa pananaliksik na ito ay tinanggap o (accepted).

## Recommendations

Matapos ang masusing pananaliksik at pag-aaral. Ang mananaliksik ay humantong sa sumusunod na mungkahi.

1.Tugunan ang pangangailangan ng mag-aaral na mabatid at maipaunawa ng mga guro ang kahalagahan ng paggamit ng mga umuusbong na salita at upang magabayan sila kung paano mas pauunlarin ang sariling wika.

2.Magkaroon ng epektibong estratehiyang pampagtuturo na makapagpapataas sa kakayahan ng mga mag-aaral kaugnay ng tamang paggamit ng millennial words lalo't higit sa makrong kasanayan at sa pagsulat ng wastong komposisyon.

3.Maipaunawa sa mga magulang ang mga makabagong salita na umuusbong upang higit na magabayan ang kanilang mga anak sa wastong gamit ng mga salita.

4.Tugunan ng mga namumuno sa paaralan na magkaroon ng mga seminar at pagsasanay na nakatuon lamang sa paggamit ng millennial words upang matiyak ang wastong paggamit nito lalo na sa makrong kasanayan sa Filipino.

5.Magkaroon ng seminar upang maipaunawa sa komunidad ang makabagong salitang ito upang higit nilang maunawaan ang mundo ng mga millennials.

6.Patuloy na gabayan ang mga mag-aaral sa wastong paggamit ng millennial words at ipabatid ang kahalagahan ng wika upang makamit at mapanatili ang pagpapahalaga sa wikang ginagamit ng mga Pilipino.

## References

Abanador, J.A. (2012). Gramatical Difficulties in Writing among Grade VI Pupils: A Proposed Remediation Material: Unpublished Master's Thesis. Southern Luzon State University, Lucban, Quezon

Adarna House. Word Press (2012)

Agra, R. (2016). Impluwensya ng Midya at ang Kaugnayan nito saPagsulat ng Komposisyong Filipino ng mga mag-aaral

Aguirre, C. (2014). Mga Batayang Kaalaman tungkol sa Pagsulat Mula sa http://prezzi.com/fbsxeiv6rwyp/mga-batayang-kaalaman-tungkol-sa-pagsulat/

Alcantara, S. et.al. (2015). Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Sulating Pormal ng mga mag-aaral sa Baitang 7 : Basehan sa Pagbuo ng Supplemental sa E. Modyul (Tesis). Kolehiyo ng Sacred Heart, Lucena City

Alcaraz, et.al. (2005). Pagsusuri ng Kamalian ng Komposisyon, Quezon City C&E Publishing Inc.

Alman, R. (2016) Most Effective Forms of Advertising "Houston Chronicle P.O Box 4260 Houston Texas, Hearst News Paper, LCC 77210 – 4260 Small Business.chron.com>forms of adverstising

Altobar, I. (2012) Performance in English Composition Writing of High School Student in Binagbag National High School: Basis for the Development of Enhancement Program in Composition Writing. Unpublished Master's Thesis. Sacred Heart College: Lucena City

Andal, G. (2014). "Social Network Media Learning, It's Influence on Pupils Behavior and Writing Norms: Unpublished Master's Thesis, LSPU. Sta. Cruz Laguna

Aves, L. (2011). KomunikasyonsaPanahon ng Impormasyon.105 Engineering. Road, Araneta University Village, Potrero, Malabon City, Mutya Publishing House, Inc.

Baisa, A.G. (2012) "PlumaWika at PanitikansaMataasnaPaaralan II" 927 Quezon Ave., Quezon City Phoenix Publishing House . Inc.

Bautista,M.L (2017) Epekto sa Pagkaunawa ng mga Salitang Balbal ng mga mag-aaral sa Ikaanim na Baitang sa Asignaturang Filipino:Unpublished Master's Thesis, LSPU. Los Baños , Laguna

Bernales, R.A. et.al (2013) KomunikasyongEpektibo sa Wikang Akademiko. 105 Engineering Road, Araneta University Village, Potrero, Malabon City, Mutya Publishing House. Inc.

Bernales, R.A. et.al (2009) Kritikal na Pagbasa at LohikalnaPagsulat Tungo sa Pananaliksik. 105 Engineering Road, Araneta University Village, Potrero Malabon City, Mutya Publishing House. Inc.

Borja, C.Z.(2009, December 4 ). A Decline in Reading Comprehension is a Decline in many other Areas. Manila Bulletin (Vol. 444 No.4), p.G-1 & G-2

Brutas, M.L. (2010) Mga Gawaing Pagsasanay sa Pagbasa sa Paglinang ng KasanayansaPag-unawa. Retrieved aug. 12,2013, from www.deped.naga.com.ph.pdf

Carvallo, M. (2008). Assesing the Level of English Language Exposure of Taiwanese College Students in Taiwan ng Philippines. Asian EFL Journal, Volume II, Article 3

Castro, C. (2016). Pagsulat ng Komposisyon at Kakayahan sa Asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa Grade 7

Dela Cruz, P.(2011) Kamalayan sa Paggamit ng Teknolohiya at Kaugnayan Nito sa Pagsulat ng Komposisyon sa Filipino ng mga Mag-aaral" The Unpublished Master's Thesis, Laguna State Polytechnic University San Pablo Laguna

Demirezen,M.(2010):http://www.theatlantic,com/education/archive/2013/11facebook-has-transformed-my-students-writing-for-the-better/1281563

Dinglasan, R. D., (2007) Komunikasyon sa Akademikong Filipino, Rex Book Store Inc. (RSBI), 856 Nicanor Reyes, Sr.. St. Recto Ave. Manila Philippines

Ermetes, A. Jr. (2012). The Effective Five Macro Skills of Comminication. Retrieved Jan.3, 2014 from http://guideswikinut.com./ important-macro-skills-in-teaching-a-particular-language/livwnam3/

Escosio, A. (2014) Panonood . Retrieved February 22,2014 from http://prezzi.com/putaz8ew8gqe/copy-of-panonood

Esperanza, R.O. (2014) Antas ng Kahusayan sa Paggamit ng Mekanismo Tungo sa Maunlad na Pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino II

Farentein,F. (2012)http.digitalbuzzlog.com/

Fisher, M. (2007). The Voice experience: In Service Teacher Technology Competency recommendation for pre-service teacher preparation programs. Journal of Technology and Teacher Education, 5, 139-149.

Floresca Jr.,E. (2015) Epekto ng Pagsulat ng Dyornal sa Paggamit ng Iba't Ibang Mekanismo sa Pagsulat ng Komposisyon sa Asignaturang Filipino ng mga mag-aaral na nasa Ikapitong Grado sa Pagsanjan NHS

Galang, T.et.al (2010) "Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik" Na may Punong tanggapan Daan Nicamor Reyes Sr. Sampaloc Maynila, Rex Bookstore Inc. (RSBI)

Galit at Sanchez R., (2014). Filipino 2 Masusing Pagbasa at Malikhaing Pagsulat Tungo sa Pananaliksik. Intramuros, Manila: Unlimited Book Library Services and Publishing

Gonzalvo, R. (2012). Ang Masining na Pagsulat. Mula sa http;//mheongster.blog.com/2012/9/13 ang –masining-na-pagsulat/

Komisyon sa Wikang Filipino (2009) .Gabay sa Ortograpiyang Filipino. Komisyon sa Wikang Filipino

Llavore, J. (2015).https://kakakakatttt.tumblr.com/post/129740826998/mga-salitang –balbal-at-ang-epekto-nito-sa-mga-tao

Mabilin, E.R. (2010) Pilisopiya ng Pagbasa at Pagsulat para sa Esensya ng Pananaliksik

Magbanua, R. (2016). Impluwensya ng Midya at Ang kaugnayan nito sa Pagsulat ng Komposisyong Filipino ng mga Mag-aaral

Manibo, P. (2016). https://fictionbooks29.wordpress.com/2016/11/20/wikang-filipino-sa-makabagong-panahon/

Manligas, Mariah,et.al (September16,2016)https://coolstudentever.wordpress.com/2016/09/21/first.blog.post./

Marasigan, E. V. et.al (2012) "Pluma ,Wika at Panitikan para sa Mataas na Paaralan IV". 927 Quezon Ave., Quezon City Phoenix Publishing House Inc.

Massey,M.(2002).https://prezi.com/cal-lrdfr-5w/panonood/

Menna, Y.(2012) ProsesongPagsulat.https://www/kyoai.ac.jp/college/ronshuu/no_10/onozawa2.pdf

Palmaria, R. (2014) Loanwords sa Text Message at Facebook Post Tungo sa Pagpapaunlad ng Morpolohiya sa Akademikong Wikang Filipino: https//libtong.wordpress.com/2014/11/12/loanwords-sa-text-messages-at-facrbook-post-tungo-sa-morpolojiyang-filipino(December 16, 2010). Students read books not matched to their reading level-study-The Philippine Star. (Vol.25 No.142), p.136 Retreived Oct. 19,2013.http://www.philstar.com/campus/education2010/12/16/639276/students-read-books-not-matched-their-reading-level-study

Paule,Aline D. (2015). Iba't Ibang Pamamaraan sa Pagkatuto sa mga Makrong Kasanayang Pangwika sa Filipino 1 ng mga Mag-aaral sa Unang Taon sa Kolehiyo sa STI College Sta. Cruz Campus

Rada, Ester T., Ph. D. (2010). San Beda College- Manila, Philippines. Pagbuo ng Instrumento sa Pagtataya ng Kognitibong Akademikong Kahusayang Pangwika sa Filipino : Tungo sa Kasanayan sa Pagsulat ng mga Estudyanteng Nasa Kolehiyo

Resureccion D. Dingsalan, Ph. D, (2007) Komunikasyon sa Akademikong Filipino, Rex Book Store,Inc. (RSBI) 856 Nicanor Reyes, Rs. St. Recto Ave. Manila Philippines

Sadia,W.S.(2017) Varsitarian.net/Filipino/20171027?more-werpa-sa-wikang-dinamiko

Santos, A.L et.al (2008). Ang Akademikong Filipino sa Komunikasyon. MalabonCity:Mutya Publishing House, Inc.

Singson, B. (2009, August 15 ). How do Read? Manila Bulletin (Vol.440 No.15) p.F-1

Soriano, N. (2008) Komunikasyon sa Akademikkong Filipino. Manila: Grandbooks publishing

Sotto,M. (2012). Proficiency Level in Filipino Ortography of Grade 7 Students: A Proposed Supplementary Material. Unpublished Master's Thesis. Southern Luzon State University: Lucban, Quezon.

Stansburry ( 2009 ). Principles of Effective Media Utilization. Pearson Education, Inc. Boston

Taguan, A. (2011)https://yhubbiecko12.wordpress.com/2013/11/24/filipino-millennials-the-worlds-happiest/

Wright, K., (2008, Nov.12) Developing Macro English Skills: Reading .Manila Bulletin ( Vol.43L No.12) p. F-4